Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 13, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 110-T'07

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KARAPATAN SA KGG. PUNONG BAYAN ARIEL T. MAGCALAS NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAGLAGDA SA MGA DOKUMENTO O PAPELES NA MAY KINALAMAN SA PAGLALAGAK AT PAGLALABAS NG PANANALAPI NG BAYAN SA LAND BANK OF THE PHILIPPINES NA ITINALAGANG BANGKO NG PAMAHALAAN.**

**SAPAGKA'T**, isinaalang-alang ng pamahalaang bayan ang pananagutan nitong mabayaran ang mga gastusin sa mga gawaing nauukol sa pamamahala at pagpapatakbo ng mga serbisyong makatutugon sa pangangailangan ng bayan;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaloob ng kapangyarihan sa kaukulang pinuno ng pamahalaang bayan ay kinakailangan sa paglagda sa mga dokumento at papeles na may kinalaman sa paglalagak at paglalabas ng pananapi ng bayan;

**SAPAGKA'T**, ang Kgg. Ariel T. Magcalas, halal na Punong Bayan ay itinalaga sa araw ng Hulyo 1, 2007, bilang Punong Bayan ng Santa Cruz, Laguna;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jun A. Asinas at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Bigyan ng karapatan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na katawanin ang Pamahalaang Bayan sa paglagda sa mga dokumento o papeles na may kinalaman sa paglalagak at paglalabas ng pananalapi ng bayan sa Land Bank of the Philippines na itinalagang bangko ng pamahalaan tungo sa kaayusan ng paglilingkuran.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng ka pasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Land Bank of the Philippines, Santa Cruz, Laguna branch, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan S. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

-178- DMAP/S